

Pagsisiguro ng mga Karapatang Pantao sa Panahon ng Pagtugon sa COVID-19

Sa ilalim ng mga Pederal na batas sa mga karapatang pantao at ng Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Act (Batas sa Kaluwagan sa Sakuna at Emerhensya o Stafford Act), ang FEMA, mga kasamang State, local, Tribal, and Territorial (SLTT, Estado, Lokal, Pantribo, at Teritoryal), at hindi panggobyernong organisasyon para sa tulong sa sakuna na nakikibahagi sa “pamamahagi ng mga supply, pagpoproseso ng mga aplikasyon, at iba pang mga aktibidad para sa kaluwagan at tulong ay [isasagawa ang mga aktibidad na ito] sa paraang pantay-pantay at walang kinikilingan, nang walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, relihiyon, [bansang pinagmulan], kasarian, edad kapansanan, kahusayan sa Ingles, o kalagayan ng kabuhayan.”¹ Nananatiling may bisa ang mga batas sa mga karapatang sibil at mga legal na awtoridad, at hindi maipagpapaliban, sa panahon ng mga emerhensya. “Higit kailanman, napakahalagang maiangkop ng FEMA ang ating mga pangunahing pagpapahalaga na malasakit, integridad, pagiging patas, at paggalang sa paglilingkod sa lahat ng Amerikano sa panahon ng wala pang katulad na pakikipaglaban sa COVID-19,” pahayag ng Administrador ng FEMA na si Pete Gaynor.

Ang Office of Equal Rights (Tanggapan sa mga Pantay-pantay na Karapatan) ng FEMA ay responsable sa pagsisiguro ng pagsunod sa at pagpapatupad ng mga panlabas na obligasyon ng FEMA sa mga Karapatang Sibil sa ilalim ng mga Seksyon 308 at 309 ng Stafford Act, Titulo VI ng Civil Rights Act (Batas sa mga Karapatang Sibil), Seksyon 504 ng Rehabilitation Act (Batas sa Rehabilitasyon), ng Age Discrimination Act (Batas sa Diskriminasyon sa Edad), Kautusang Tagapagpaganap 13166, “Pagpapabuti ng Access sa mga Serbisyo para sa mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles,” at Kautusang Tagapagpaganap 12898, “Katarungan sa Kapaligiran.”²

Sa ilalim ng Stafford Act, nagkakaloob ang FEMA ng pag-uugnay ng operasyon, pampinansyal at iba pang Pederal na tulong sa mga kasamang SLTT. Naghahandog ang FEMA ng pinakamahuhusay na kasanayan upang tulungan ang ating mga kasamang SLTT sa inaasahan at pagtugon sa mga pangamba hinggil sa mga karapatang sibil sa panahon ng pagtugon at pagbangon mula sa COVID-19.³

¹ Seksyon 308 ng Stafford Act, 42 U.S.C. § 5151. *Tingnan din ang* 44 C.F.R. § 206.11(c) (na nag-aatas sa mga organisasyon o gobyernong tumatanggap ng tulong sa ilalim ng Stafford Act na magbigay ng nakasulat na pagsisiguro ng kanilang layong sumunod sa mga regulasyong nauugnay sa hindi pagdidiskrimina).

² *Id.*; Seksyon 309 ng Stafford Act, 42 U.S.C. § 5152; Titulo VI ng Civil Rights Act ng 1964, 42 U.S.C. § 2000d at kasunod., Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973, 29 U.S.C. § 794; Age Discrimination Act ng 1975, 42 U.S.C. § 6101 at kasunod.; Kautusang Tagapagpaganap 13166, Pagpapabuti ng Access sa mga Serbisyo para sa mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles, [Kautusang Tagapagpaganap 13166](#); Kautusang Tagapagpaganap 12898, Katarungan sa Kapaligiran, [Kautusang Tagapagpaganap 12898](#).

³ Hindi nag-eendorso ang FEMA ng anumang mga hindi panggobyernong entidad, organisasyon, o serbisyo. Ang mga pahayag ng mga ikatlong partido ay hindi malayang naberipika ng FEMA.



FEMA

Mabisang Access sa Komunikasyon

- Magkaloob ng sign language na interpretasyon para sa lahat ng pulong-balitaan at pagbibigay-kaalaman sa telebisyon, at siguruhing ang tagapagsalin sa sign language ay sakop ng kamera o naka-picture-in-picture kapag may pagdidistansya sa bawat isa;
- Magkaloob ng kapsyon sa pamamagitan ng live streaming o iba pang pamamaraan at deskripsyong audio para sa impormasyon sa biswal na background kung hindi ito maririnig;
- Magkaloob ng bai-baitang na mga tagubilin tungkol sa mga mobile at iba pang testing site (lugar ng pagsusuri) sa pamamagitan ng mga maa-access na pag-aanunsyo ng serbisyong pampubliko, na isinasaalang-alang ang mga limitasyon ng mga personal na pagtulong at serbisyo dahil sa pagdidistansya sa mga tao, at itaguyod ang paggamit ng video remote interpretation (VRI, pagsasalin sa video) para sa mga indibidwal na nangangailangan ng sign language sa mga testing site;
- Magsaayos para sa mga pangangailangan para sa pag-access sa komunikasyon sa mga pansamantalang ospital, kabilang ang mga serbisyong personal (kung posible) o remote na kuwalipikadong medikal na sign language na tagasalin at mga pikograpiya upang tulungan ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-iisip o intelektwal. Mangyaring tingnan ang [mga rekomendasyon](#) para sa pag-access ng komunikasyon sa mga medikal na pasilidad sa panahon ng COVID-19 na nilikha ng isang koalisyon ng mga hindi panggobyernong organisasyon na may kadalubhasaan sa paksa sa mga kapansanan sa pandinig, kahirapan sa pagdinig, pandinig-paningin, at pananalita;
- Magkaloob ng maa-access na pagmemensahe sa emerhensya at pampublikong impormasyon, kabilang ang sa pamamagitan ng tradisyonal at social media. Upang magkaloob ng access sa epektibong komunikasyon, isaalang-alang ang maraming pormat, gaya ng mga maa-access na video na kinabibilangan ng American sign language (ASL), paglalagay ng kapsyon, voiceover, mga transcript, at deskripsyong audio kung kailangan; maaaring kailanganin ang paglalagay ng kapsyon o voiceover sa mga audio sa maraming wika; at
- Siguraduhing maa-access ang mga website na may impormasyong may kaugnayan sa emerhensya ng mga taong may mga kapansanan, kabilang ang paggamit ng mga may kapsyon na video at mga alternatibong tag para sa mga larawan para mabasa ng mga gumagamit ng mga screen reader at iba pang mga pantulong na teknolohiya. Tingnan ang [Teknikal na Tulong ng DOJ sa Maa-access na Teknolohiya](#).

Inklusibong Pagpapalano, Pagtugon, at Pagbangon

- Siguraduhing ipinagkakaloob ang mga serbisyo sa isang patas at inklusibong paraan, nang hindi tinitingnan ang lahi, kulay ng balat, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan, kahusayan sa Ingles, o kalagayan ng kabuhayan. Kabilang dito ang hindi pagpapalagay na ang mga partikular na panlahi o pang-etnikong grupo ay mas malamang na magpapakalat – o gagaling mula sa – COVID-19 kaysa sa iba at hindi tinatanggap ang mga nagdidiskriminang kahilingan para sa health care provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) ng partikular na lahi o bansang pinagmulan;
- Makipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad at mga tagapagkaloob ng mga serbisyong panlipunan upang magbahagi ng pagmemensahe sa buong komunidad, kabilang ang mga indibidwal na may mga kapansanan indibidwal na may limitadong kahusayan sa Ingles, populasyong may mababang kita, mararalitang komunidad, at iba't ibang komunidad ng pananampalataya;
- Isaalang-alang ang mga kahilingan para sa mga panrelihiyong akomodasyon sa paggagamot o pag-access sa klero o gawaing may kinalaman sa pananampalataya sa abot ng makakaya sa ilalim ng mga patnubay sa pagdidistansya sa mga tao;
- Makibahagi sa mga hindi panggobyernong organisasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pinopondohan ng publikong lokal na independiyenteng living center, organisasyong pumuprotekta at nagtataguyod, mga sentro ng unibersidad sa mga kapansanan, at mga ahensya sa lugar sa pagtanda

PAGSISIGURO NG MGA KARAPATANG PANTAO SA PANAHON

upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal na may mga kapansanan at mga matatanda sa panahon ng pagtugon at pagbangon:

- [National Council on Independent Living \(Pambansang Konseho sa Malayang Pamumuhay\)](#)
- [National Disability Rights Network \(Pambansang Network sa mga Karapatan ng may Kapansanan\)](#)
- [Association of University Centers on Disabilities \(Asosasyon ng mga Sentro ng Unibersidad sa mga Kapansanan\)](#)
- [National Association of Area Agencies on Aging \(Pambansang Asosasyon sa mga Ahensya sa Lugar sa Pagtanda\)](#)
- Isaalang-alang ang mga pangangailangan para sa personal protective equipment (PPE, personal na pumuprotektang kasuotan) ng mga health care provider na nakabase sa komunidad at mga serbisyo sa personal na tulong na tumutulong sa mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay para sa mga indibidwal na may mga kapansanan;
- Isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga indibidwal na may mababang kita, bukod sa lahat, kapag tinutukoy ang mga testing site at lokasyon para sa mga pansamantalang ospital; at
- Gumawa ng mga desisyon sa medikal na paggagamot, kabilang ang pagtanggap ng pangangalaga sa ilalim ng Crisis Standards of Care (Mga Pamantayan sa Pangangalaga sa Panahon ng Krisis) at paglalaan ng mga ventilator, pagkatapos ng isang pang-indibidwal na konsiderasyon sa bawat tao, na malaya sa mga stereotype at pagkiling, kabilang ang paglalihat at paghuhusga tungkol sa kalidad ng buhay ng indibidwal o nauukol sa halaga sa lipunan, batay sa kapansanan, edad, lahi, antas ng kita, o anumang pinoprotektahang batayan ng indibidwal. Ang pang-indibidwal na konsiderasyong ito ay dapat na nakabatay sa kasalukuyang walang kinikilingang ebidensya at ipinahayag na mga pananaw ng mismong mga pasyente kumpara sa mga pagpapalagay na walang basehan.

Pag-access sa Wika

- Siguraduhin ang makabuluhang pag-access sa mga programa at aktibidad ng mga taong may limited English proficiency (LEP, limitadong kahusayan sa Ingles), kabilang ang paggamit ng mga kwalipikadong tagasalin at mga isinaling materyal sa mga testing site at pansamantalang ospital. Makukuha ang higit pang impormasyon sa pag-access sa wika sa <https://www.lep.gov/emergency-preparedness>; at
- Gawing makukuha ang mga pagmemensahe sa emerhensya sa payak na wika, pati na rin sa mga wikang bukod sa Ingles na sinasalita sa mga naapektuhang lugar. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang <https://www.lep.gov/maps>, isang interaktibong kasangkapan sa pagmamapa, na ayon sa county, upang tumulong sa pagtukoy ng mga wikang sinasalita sa isang komunidad.

Pisikal na Aksesibilidad.

- Sinisigurong ang mga testing site at pansamantalang ospital ay pisikal na maa-access ng mga indibidwal na may mga kapansanan; at
- Makibahagi sa mga Civil Rights Advisor (Tagapayo sa mga Karapatang Sibil) ng FEMA para sa tulong sa mga inspeksyon sa lugar; ang mga OER Civil Rights Advisor ay nakatalaga sa mga Panrehiyong tanggapan ng FEMA upang magkaloob ng gabay, teknikal na tulong, pagsunod at pagpapatupad pagdating sa mga panlabas na obligasyon sa mga karapatang sibil ng FEMA at SLTT.

Katarungan sa Kapaligiran

- Siguraduhin ang makabuluhang pakikibahagi ng mga minoridad na komunidad at populasyong may

PAGSISIGURO NG MGA KARAPATANG PANTAO SA PANAHOON

mababang kita sa pagbuo at pagpapatupad ng mga desisyon sa patakaran na nakakaapekto sa kapaligiran sa panahon ng pagtugon at pagbangon; at

- Siguraduhing ang mga desisyong gaya ng pagtatapon ng mga basurang galing sa medikal na institusyon ay isinasagawa sa makatarungang paraan upang maiwasan ang desproporsyonadong epekto sa kapaligiran sa mga komunidad ng ibang kulay ng balat at mga populasyong may mababang kita.

Mga Reklamo at Pangamba sa mga Karapatang Sibil

Maaaring iparating ng mga miyembro ng publiko ang mga reklamo sa mga karapatang sibil sa atensyon ng OER kaugnay ng mga aktibidad ng FEMA o mga programa at aktibidad na pinopondohan ng FEMA gaya ng mga sumusunod:

- Tumawag sa FEMA Office of Equal Rights sa 202-212-3535 at pindutin ang 1; or para sa mga gumagamit ng TTY, tumawag sa 800-462-7585
- Ipadala ang email sa FEMA Office of Equal Rights: FEMA-CivilRightsOffice@fema.dhs.gov
- Ipadala ang reklamo sa FEMA Office of Equal Rights: FEMA Office of Equal Rights
C Street, SW, Room 4SW-0915
Washington, DC 20472-3505

Para sa impormasyon tungkol sa mga tanggapan sa mga karapatang sibil at kung paano maghain ng mga reklamo sa ibang Pederal na ahensya, mangyaring tingnan ang [Listahan ng mga Tanggapan sa mga Karapatang Sibil ng DOJ sa mga Pederal na Ahensya](#)

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

- Mabisang Access sa Komunikasyon
- [U.S. Department of Justice: Communicating with People Who Are Deaf or Hard of Hearing in Hospital Settings \(Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos: Pakikipag-usap sa mga Taong Hindi Nakakarinig o Nahihirapang Makarinig sa Ospital\)](#)
- [U.S. Department of Justice: Access to Medical Care for People with Mobility Disabilities \(Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos: Access sa Medikal na Pangangalaga para sa mga Taong May Kapansanan sa Paggalaw\)](#)
- [U.S. Department of Justice: Effective Communication Requirements \(Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos: Mga Kailangan para sa Epektibong Komunikasyon\)](#)
- [Mga Mapagkukunan ng Impormasyon mula sa Komunikasyon ng sa Pagitan ng Pasyente at Provider](#)
- [Mapagkukunan ng Impormasyon mula sa National Association of the Deaf \(Pambansang Asosasyon ng Hindi Nakakarinig\)](#)
- [Mga Mapagkukunan ng Impormasyon mula sa Communication First](#)
- Para sa pagkamaa-access ng web: www.w3.org
- Ingklusibong Pagpapalano, Pagtugon, at Pagbangon
- [Publikasyon ng CDC sa Pagbabawas ng Stigma at COVID 19](#)
- [Pinagsamang Pederal na Gabay sa Pagsunod sa Titolo VI sa mga Aktibidad sa Pagiging Handa sa](#)

[Emerhensya, Pagtugon, Pagpapahupa, at Pagbangon](#)

- Pag-access sa Wika
- Ang "[I Speak](#)" na [booklet](#) ng DHS

Para sa mga kopya ng mga dokumento ng FEMA sa mga alternatibong pormat, mangyaring tumawag sa 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585).

Kung nagsasalita ka ng wikang maliban sa Ingles at nangangailangan ng tulong sa dokumentong ito, mangyaring tumawag sa 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585) at ikaw ay ikokonekta sa isang tagasalin sa wikang tutulong sa iyo nang walang bayad.

If you speak a language other than English and need help with this document, please call 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585) and you will be connected to an interpreter who will assist you at no cost.

Si habla un idioma diferente al inglés y necesita ayuda con este documento, llame al 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585) y lo contactaremos con un intérprete que lo ayudará sin costo alguno para usted.

Если вы не говорите на английском языке и нуждаетесь в помощи, позвоните по номеру 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585). Вас соединят с переводчиком, который бесплатно поможет вам.

Se você fala um idioma além do inglês e precisa de ajuda em relação a este documento, ligue para 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585) e você será conectado a um intérprete que irá ajudá-lo sem nenhum custo adicional.

Nếu quý vị nói một ngôn ngữ khác Tiếng Anh và cần giúp đỡ với tài liệu này, hãy gọi 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585) và quý vị sẽ được kết nối với một thông dịch viên, là người sẽ trợ giúp miễn phí cho quý vị.

영어를 사용하지 못하는 사람으로써 본 문서에 대해 도움이 필요할 경우, 전화 800-621-3362 (텔레타이프라이터: 800-462-7585)로 연락주시면 여러분을 무료로 도와줄 통역사와 연결해 드립니다.

إذا كنت تتكلم لغة غير الإنكليزية واحتجت إلى مساعدة مع تلك الوثيقة، يرجى الاتصال بالرقم 800-621-3362 (الطباعة ن بعد: 800-462-7585) وسيتم وصلك مع مترجم شفهي سيقدم لك المساعدة مجاناً.

Si vous parlez une langue autre que l'anglais et que vous avez besoin d'aide en rapport avec le présent document, veuillez composer le 800-621-3362 (numéro TTY pour les malentendants : 800-462-7585) pour qu'un interprète soit gratuitement mis à votre disposition.

Si w pale yon lang ki pa lang Angle e ou bezwen èd avèk dokiman sa a, tanpri rele 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585) epi yo pral konekte w ak yon entèprèt ki pral ede w, gratis.

英語以外の言語でこのページの詳細をお知りになりたい方は、お電話で800-621-3362 (TTY: 800-462-7585) までお問い合わせください。無料で通訳をご利用いただけます。

Kung nagsasalita ka ng wikang bukod sa Ingles at nangangailangan ng tulong sa dokumentong ito, mangyaring tumawag sa 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585) at maikokonekta ka sa isang interpreter (tagasalin sa wika) na tutulong sa iyo nang walang bayad.

如果您使用除英语之外的其他语言并且就本文件需要帮助，请致电800-621-3362（听障及语障用户（TTY）：800-462-7585），您将与翻译人员联系，该翻译人员将为您提供免费帮助。